Ahensya ng Serbisyong Pang-imigrasyon
Binalangkas noong Marso 31, 2005
Nirebisa noong Marso 31, 2006
Nirebisa noong Abril 26, 2017

Sa patnubay na ito, isinaad hangga't maaari sa kasalukuyang kalagayan ang mga pamantayan ukol sa "Kontribusyon para sa bansang Japan" na kailangan sa pagpapahintulot ng permanenteng paninirahan, na hindi isinapubliko noong mga nakaraang taon. Sa hinaharap, ipagpapatuloy ang pagrerebisa sa patnubay na ito sa pamamagitan ng pakikinig sa mga opinyon mula sa bawat kaugnay na direksyon, at pagtatalakay tungkol sa lalong pagpapaluwag, paglilinaw at paglalantad ng mga kinakailangang bagay para sa pagpapahintulot.

**Patnubay ukol sa "Kontribusyon para sa bansang Japan"**

Dapat mapabilang sa alinman sa mga sumusunod, at nakapanirahan sa Japan nang 5 taon o higit pa nang hindi nagdudulot ng anumang problema kaugnay ng pamumuhay sa lipunan.

1 Para sa Lahat ng Larangan

- Taong tumanggap ng gantimpala na kinikilalang dakila sa internasyonal na lipunan, mula sa internasyonal na institusyon o gobyerno ng ibang bansa, o kaya ay anumang katumbas na institusyon
  hal.) Nobel Prize, Fields Medal, Pritzker Architecture Prize, Legion of Honour
- Taong tumanggap ng mga sumusunod na gantimpala mula sa gobyerno ng Japan
  People's Honour Award, Order, Order of Culture o kaya ay Medal of Honor (maliban sa Medal with Dark Blue Ribbon at Posthumous Prize ng naulilang pamilya), Japan Prize
- Taong itinalaga, inatasan, atbp. ng gobyerno ng Japan o munisipalidad bilang miyembro ng komite atbp., at nagsagawa ng mga gawain na ang layunin ay ang kabutihan ng publiko nang humigit-kumulang 3 taon o higit pa
- Taong nagbigay ng malaking kontribusyon sa pagpapanatili o pagpapaunlad ng lipunan ng Japan o kaya ay mga lokal na gawain, sa pamamagitan ng paggamot, edukasyon at iba pang mga gawaing panghanapbuhay

2 Larangan ng Diplomasya

- Taong nagtrabaho sa bansang Japan bilang miyembro ng diplomatic mission o konsulado, at nagkamit ng tagumpay sa pagpapabuti ng ugnayan o kaya ay pagpapayaman ng kultural na palitan sa pagitan ng Japan at kung saang bansa ito pinapunta
- Taong may karanasan na nagtrabaho bilang secretary-general, deputy secretary-general o kaya ay anumang katumbas o mas mataas na posisyon sa internasyonal na institusyon na kinasasapian ng Japan

3 Larangan ng Ekonomiya at Industriya

- Taong nakatutok sa pagpapatakbo ng isang listed company sa Japan o kumpanya sa loob ng Japan na may parehong laki, nang humigit-kumulang 3 taon o higit pa, o kaya ay dating nakatutok sa pagpapatakbo ng mga nabanggit na kumpanya nang humigit-kumulang 3 taon o

higit pa, at nagbigay ng kontribusyon sa pagpapaunlad ng ekonomiya o industriya ng bansang Japan dahil sa mga nagawa sa loob ng panahong iyon

- Taong nakatutok sa pagpapatakbo ng isang kumpanya sa loob ng Japan nang humigit-kumulang 3 taon o higit pa, at nagbigay ng kontribusyon sa pagpapaunlad ng ekonomiya o industriya ng bansang Japan sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pamumuhunan ng 1 daang milyong yen o higit pa sa loob ng panahong iyon
- Taong nakatutok sa pagsisilbi bilang tagapamahala o iba pang katumbas na posisyon sa isang listed company sa Japan o kumpanya sa loob ng Japan na may parehong laki, nang humigit-kumulang 5 taon o higit pa, at nagbigay ng kontribusyon sa pagpapaunlad ng ekonomiya o industriya ng bansang Japan dahil sa mga nagawa sa loob ng panahong iyon
- Taong tumanggap ng gantimpala dahil sa naibigay na kontribusyon sa pagpapaunlad ng industriya ng bansang Japan, bilang resulta ng pagpipili ng tatanggap nito sa buong bansa
  hal.) Grand Prize o Special Award ng Good Design Award (iniisponsor ng Japan Institute of Design Promotion Foundation)
- Taong nagbigay ng malaking kontribusyon sa pagpapaunlad ng agrikultura, panggugubat at pangingisda, industriya ng pagmamanupaktura, pangangalakal at iba pang uri ng industriya, sa pamamagitan ng mga gawain bilang isang inhinyerong gumagamit ng nangungunang teknolohiya o mataas na teknolohiya
- Taong nakatutok sa pagsasagawa ng mga proyektong itinataguyod ng mga karampatang awtoridad para tumulong sa pagpapaunlad ng mga "umuunlad na larangan" tulad ng IoT, Regenerative Medicine, atbp., nang humigit-kumulang 5 taon o higit pa, at nagbigay ng kontribusyon sa pagpapaunlad ng ekonomiya o industriya ng bansang Japan dahil sa mga nagawa sa loob ng panahong iyon

### 4 Larangan ng Kultura at Sining

- Taong tumanggap ng gantimpala na karaniwang kinikilalang dakila sa larangan ng literatura, pinong sining, pelikula, musika, dula, entertainment at iba pang larangang pangkultura at pansining
  hal.) Golden Lion mula sa Venice Biennale, Praemium Imperiale, bawat uri ng Academy Award, bawat uri ng gantimpala sa Cannes Film Festival, bawat uri ng gantimpala sa Venice Film Festival, bawat uri ng gantimpala sa Berlin Film Festival
- Taong nagsagawa ng mga gawain bilang pinuno o tao sa namumunong posisyon sa larangan ng literatura, pinong sining, pelikula, musika, dula, entertaiment at iba pang larangang pangkultura at pansining, nang humigit-kumulang 3 taon o higit pa sa Japan, at nagbigay ng kontribusyon sa pagpapaunlad ng kultura ng Japan

### 5 Larangan ng Edukasyon

- Taong nakatutok sa mga gawaing pang-edukasyon sa Japan nang humigit-kumulang 3 taon o higit pa, bilang isang professor, 准教授 o lecturer na full-time o katumbas na anyo ng pagtatrabaho sa mga kolehiyo o katumbas na institusyon sa Japan na itinakda sa School Education Act, o kaya ay dating nakatutok sa mga nabanggit na trabaho nang humigit-kumulang 3 taon o higit pa, at nagbigay ng kontribusyon sa pagpapabuti ng antas ng mataas na edukasyon sa Japan

### 6 Larangan ng Pananaliksik

○ Taong naaangkop sa mga sumusunod at kinikilalang nagkamit ng kapansin-pansing tagumpay mula sa mga ginawang pananaliksik

(1) Taong inilathala ang tesis atbp. na resulta ng ginawang pananaliksik sa mga academic journal atbp., at sinipi ang bahagi nito nang dalawa o higit pang beses sa mga tesis atbp. ng iba pang mananaliksik

(2) Taong inilathala ang tesis atbp. na resulta ng ginawang pananaliksik nang dalawa o higit pang beses sa academic journal atbp. kung saan pinipili ang ilalathala sa pamamagitan ng makatarungang proseso ng pagpipili

(3) Taong inilathala ang tesis atbp. na resulta ng ginawang pananaliksik sa mga dakilang academic journal atbp. nang maraming beses

(4) Taong nagtamo ng mataas na ebalwasyon at nagbigay ng panayam atbp. sa isang karaniwang kinikilalang dakilang kumperensiya

## 7 Larangan ng Sports

○ Taong tumanggap ng mataas na gantimpala sa isang bantog na paligsahan ng sports na idinaraos sa buong mundo tulad ng Olympic Games, World Championship at iba pang malaking pagpupulong, o kaya ay taong nagbigay ng malaking kontribusyon sa pagkapanalo ng nabanggit na tao sa pamamagitan ng pagiging manager, coach, atbp. nito, at nagsasagawa ng mga gawaing kaugnay ng pamamatnubay sa mga manlalaro o pagtataguyod ng naturang sports atbp. sa Japan

○ Taong tumanggap ng mataas na gantimpala sa isang paligsahan ng sports o iba pang malaking pagpupulong na idinaraos sa internasyonal na lawak, o kaya ay taong nagbigay ng malaking kontribusyon sa pagkapanalo ng nabanggit na tao sa pamamagitan ng pagiging manager, coach, atbp. nito, at nagsasagawa ng mga gawaing kaugnay ng pamamatnubay sa mga manlalaro o pagtataguyod ng sports atbp. sa Japan nang humigit-kumulang 3 taon o higit pa

○ Taong nagbigay ng malaking kontribusyon sa pagtataguyod ng sports atbp. sa bansang Japan

## 8 Iba pang Larangan

○ Taong nagbigay ng kontribusyon sa pagpapaunlad ng lipunan ng Japan sa larangan ng lipunan at welfare, at tumanggap ng gantimpala bilang resulta ng pagpipili sa buong bansa
hal.) One More Life Workers' Volunteering Award, bawat uri ng gantimpala para sa mga taong nagbigay ng kontribusyon sa lipunan

○ Taong nagbigay ng malaking kontribusyon sa lipunan at welfare ng bansang Japan, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga gawaing nakatuon sa kapakanan ng publiko sa Japan

※Paalala hinggil sa aplikasyon

Kung naaangkop sa mga nabanggit sa itaas at nais magpasa ng aplikasyon para sa pagpapahintulot ng permanenteng paninirahan, sulatan ang pormularyo sa sumusunod na pahina upang linawin ang kongkretong detalye ng ginawang kontribusyon, maglakip ng mga dokumentong kaugnay ng kontribusyon, at ipasa ang aplikasyon kasabay ng iba pang dokumento.

Buod hinggil sa kontribusyon para sa bansang Japan sa larangan ng diplomasya, lipunan, ekonomiya, kultura, atbp.

| 1 Buod ng nilalaman ng gawain (Isulat ang nilalaman ng iyong gawain na kaugnay ng ginawang kontribusyon para sa bansang Japan.) |
| --- |
| |
| 2 Pangalan ng dokumentong nagpapatunay sa iyong gawain (pangalan ng academic journal, diyaryo, atbp. at petsa ng paglalathala) |
| (1)<br><br>(2)<br><br>(3)<br><br>(4) |
| 3 Resulta ng gawain (Magsulat nang kongkretong detalye tungkol sa ginawang kontribusyon sa bansang Japan.) |
| |